# LUMAPIT KAYO SA AKIN AT MAGPAHINGA
## (Part 2, IMBITADO KA)
## A Lord's Flock Worship Service Topic

Ni: Sis. Mik R. Flores

Hunyo 27, 2026

Mateo 11:28: "Lumapit kayo sa akin, kayong napapagal at nabibigatan sa iyong pasanin, at kayo'y pagpapahingain ko" ay magandang loob na paanyaya ni Jesus sa mga taong nabibigatan at nahihirapan para magkaroon ng tunay na kapahingaan-hindi lamang pisikal na kapahingahan kundi kapahingaan para sa kaluluwa.




1. **LAYUNIN NG PAANYAYA: "LUMAPIT KAYO SA AKIN AT MAGPAHINGA"**

   1.1 ***Kailangan natin si Jesus dahil hindi natin kayang iligtas ang ating mga sarili mula sa kasalanan.*** Ang sangkatauhan ay nabibigatan sa kasalanan at hindi mailigtas ang sarili. Iniimbitahan tayo ni Jesus na lumapit sa Kanya dahil Siya lamang ang nag-aalok ng kapatawaran, kaligtasan, at kalakasan ng relasyon na nagbibigay ng tunay na kapahingahan.

   1.2 ***Nabubuhay tayo sa isang mundong nagbibigay ng kapaguran.*** Ang demand sa trabaho, paghahangad ng tagumpay at mga pressure sa ministry ay nagbibigay sa atin ng physical, emotional, at spiritual na kapaguran.

   1.3 ***Ang Pagpapahinga ay Disenyo ng Diyos, Hindi Tanda ng Kahinaan.*** Ang tingin ng marami sa pahinga ay katamaran, ngunit iba ang turo sa Banal na Kasulatan. Nagpahinga ang Diyos pagkatapos ng paglikha (Genesis 2:1–3), at itinatag ang Sabbath bilang isang regalo (Mark 2:27).

   1.4 ***Ang Pamamahinga ay Gawa ng Pagtitiwala at Pagdepende sa Diyos.*** Ang pagpapahinga ay hindi nangangahulugang pinapabayaan ang mga responsibilidad. Sa halip, ito ay nagpapakita nang lubos na pagtitiwala at pag-asa sa Diyos ng panibagong lakas. Ang paglilingkod kay Kristo ay hindi nag-aalis ng pangangailangan para sa pahinga; sa halip, ito'y reminder sa atin na magtiwala sa Kanya sa halip na sa sarili nating kakayahan.

   1.5 ***Si Jesus Lamang ang Makapagbibigay sa atin ng Kapahingahan Para sa Kaluluwa.*** Ang pisikal na pahinga ay nag-aalis ng pagod, ngunit tanging si Jesus ang makapagpapanumbalik ng pagod na kaluluwa.

2. **SINO ANG MGA IMBITADO?**

   2.1. ***Lahat na nahihirapan.*** Invited ang sinumang pagod physically, emotionally, o spiritually. Ang imbitasyon ni Jesus ay para sa lahat anuman ang kultura, lahi, edad, social status, o henerasyon.

   2.2. ***Lahat na nabibigatan.*** Sinumang nagpapasan ng mga pasaning napakabigat para dalhing mag-isa, mabigat na kasalanan man, paghihirap, guilt, shame, expectations, o pressures ng buhay ay inaanyayahan din.

3. **ANG PANGAKO: PAHINGA**

   3.1. ***Kapahingahan ng Kaluluwa.*** Nagbibigay si Jesus ng kapahingahan higit pa sa pisikal na pagpapagaling, malalim at pangmatagalang kapahingahan para sa ating mga kaluluwa.

   3.2. ***Pag-asang hindi kailanman nabibigo.*** Ang Kanyang mga pangako ay nagbibigay sa atin ng walang hanggang pag-asa kahit na sa panahon ng pagsubok.

   3.3. ***Ginhawa mula sa pagod at mabigat na pasanin.*** Inaanyayahan Niya tayong ipagpalit ang ating mabibigat na dalahin sa Kanyang pamatok na magaan.

   3.4. ***Ang Kanyang Presensya sa bawat pagsubok.*** Hindi nangangako si Jesus ng buhay na walang kaguluhan, ngunit nangako Siyang sasamahan Niya tayo sa gitna ng ating mga pagsubok.

   3.5. ***Patnubay habang natututunan natin ang Kanyang pamamaraan.*** Habang sumusunod at natututo tayo sa Kanya, pinapatnubayan Niya tayo tungo sa mapayapang buhay, karunungan at lubos na pagtitiwala sa Diyos.

4. **PAANO TAYO TUMUGON SA IMBITASYON**

   4.1. ***Lumapit kay Jesus.*** Ang pagsuko sa ating mga pasanin sa Kanya ay pagtitiwala at pagsunod sa Diyos bilang Siya ang pinagmumulan ng tunay na kapahingahan.

   4.2. ***Pasanin ang Kanyang Pamatok.*** Ang ibig sabihin ng magpasakop sa Kanya at umasa sa Kanyang kalakasan ay kasama natin Siya sa pagdadala ng ating pamatok.

   4.3. ***Matuto sa Kanya.*** Upang patuloy na makilala Siya, dapat nating matutunan ang Kanyang mga pamamaraan at sundin ang Kanyang mga halimbawa.

**KONKLUSYON:** Tumugon tayo sa paanyaya ni Kristo, upang maranasan natin ang mga pangmatagalang kapahingahan na Siya lamang ang makapagbibigay sa ating kaluluwa.

**PAGNINILAY:** Ano ang iyong mga pasanin na nagpapahirap sa iyo ngayon?

**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Nida A. Cruz
Na-Edit ni: Ma. Vera Tuplano
Tags: #Lumapit #Sabath #Pahinga
https://lordsflock.org/teachings/digests
https://www.facebook.com/share/v/18rYY2hq5t/